



**Magnanakaw**

CHUCKBERRY J. PASCUAL

**Philippine Humanities Review,**
Vol. 13, No. 2, December 2011, pp. 156-171
ISSN 0031-7802
© 2011 University of the Philippines

# MAGNANAKAW

CHUCKBERRY J. PASCUAL

PINAGMAMASDAN NI GABRIEL sa salamin ang dahan-dahang pagsuot ng naglalakihang ngipin ng bagong biling suklay sa pagitan ng mga hibla ng lampas-balikat niyang buhok nang sumampa ang boses ng kaniyang ina sa pasimano ng bintana. Mukhang sumulak na naman ang dugo sa utak ng kaniyang ina. Pihadong may kasama pang nadurog na mga bahagi ng apdo, na siyang lalong nagpapait sa mga salitang bumubulwak sa mga labi nitong nagsimula na ring magkulay murang talong, salamat sa regular na paghithit ng sigarilyo.

Hindi tumitigil sa pagsusuklay, sumilip sa Gabriel sa bintana: may dalawang bumbunan sa harap ng sampayan.

"…yung sinabi ko sa iyong kamayin mo na lang dahil madaling magnisnis! Kapag hindi lumitaw ang blouse na yon hanggang mamayang gabi, ibabawas ko yon sa suweldo mo!" bulyaw ng bumbunang mukhang uli-uli ng mga hiblang itim at abo.

Walang imik ang isa pang bumbunan, ni hindi nga ito nakaharap sa bumbunang sige sa pagbuga ng mga salitang pagkatapos magsisampahan ay naglilibot na ngayon sa kuwarto ni

Gabriel. Patuloy lang ang bumbunan sa pagsamsam ng mga damit na nangunguyakoy sa alambreng tumatawid sa kabuuan ng likod-bahay, pero mula sa itaas, nararamdaman ni Gabriel ang sagitsit ng kaba sa kaloob-looban ng ikalawang bumbunan.

Muling humalik ang mga ngipin ng bagong biling suklay sa kaniyang anit. At noon din pumuswit sa kaniyang isip: ang mga banayad na kaluskos na narinig niya kinagabihan. Nagmula sa kisame ang mga kaluskos na iyon, na nang maglao'y naging parang yabag ng mga pusang naglalampungan. Pero dahil wala naman siyang narinig na ungol ng pusa at dumapo na rin ang antok, hindi na niya sinikap patunayan ang hinala.

Matagal na rin siyang nakakarinig ng pagtatalo ng mga bumbunan sa ibang bahay, pero hindi niya akalaing dadalawin rin ng magnanakaw ang sarili nilang pamamahay.

Bitbit pa rin ang suklay, lumabas ng kuwarto si Gabriel. Hindi pa rin tumitigil sa pagtalak ang kaniyang ina, humahampas sa mga dingding ang boses nito, walang tigil sa pagkutkot sa kaniyang mga tainga, tila katabi lang niya ang kulay murang talong na mga labi at mismong sa tapat ng mga tainga niya nagsasalita.

"Alam ko kung nasaan ang blouse mo, Ma," sabi ni Gabriel, inihagis na rin ang boses. Nasa kusina pa lang siya, sa tapat ng hindi na gumaganang La Germania oven (kung kailan naman kasi nag-bake ng cake ang nanay niya ay hindi niya alam), patungo sa pintuan ng likod-bahay na kinaroroonan ng kaniyang ina at ng matagal na nilang labandera, si Aling Susan.

"Ah, ganon ba? Saan mo nakita? Kagabi lang e ibinilin ko pa kasi rito kay Susan—"

"Hiniram ko."

"Tarantado! E di nasira? Ang laki-laki ng katawan mo—"

"Joke lang!"

"—at alam kong bumibili ka ng sarili mong damit! Ang sabihin mo, meron talagang mandarambong sa loob ng bahay na ito—"

"Ma, ibibili na lang kita ng bago."

"—ang pinakamahirap sa lahat, yung wala kang kamalay-malay, nag-aalaga ka na pala ng ahas sa loob ng pamamahay mo—"

"Parehong blouse din. O gusto mo, dalawa pa."

"—iisang piraso ng damit, nasusukat na ang pagkatao—"

"Ma."

"—pinagkatiwalaan mo, pinakain mo—"

"Ibibili na lang kita ng bago, Ma, kasi hindi naman si Aling Susan ang nagnakaw ng blouse mo!"

Saglit natigilan ang ina ni Gabriel, pero bumawi rin at mas lumakas pa ang hiyaw: "Hindi ko sinabing si Aling Susan mo ang magnanakaw!" Sa pamumula ng mukha ng nanay ni Gabriel, mukhang ito ang magnanakaw na nahuli sa akto ng paggawa ng krimen.

"O, whatever! Basta ibibili na lang kita," sagot ni Gabriel. Nilingon niya si Aling Susan. Nakatayo lang ito sa isang gilid, kipkip ang mga sinampay, mukhang ibinabad sa atsuwete ang mga pisngi.

***

Mainit pa rin ang ulo ng kaniyang ina nang sumapit ang hapunan, pero alam ni Gabriel na matutulog itong nakangiti. Habang ngumunguya kasi ng pinatisang bahaw at piniritong alumahan, inulit niya ang pangakong pagbili ng kapalit na blusa. Malakas ang loob niyang mangako dahil suweldo na kinabukasan sa Mamita's Magixalon. Kung meron mang mabuting ugali si Mamita, hindi ito nagmimintis sa pagpapasuweldo, marami man o kakaunti lang ang nagpagupit kada linggo.

Pagkatapos maghapunan at maghugas ng sariling pinagkainan, dumeretso na sa kuwarto si Gabriel. Inihanda niya ang kama para sa pagtulog, saka umupo sa harapan ng tokador na may salamin. Dinampot niya ang bagong biling suklay at muli itong pinadaan sa buhok.

Habang nagsusuklay, pinakinggan niya ang unti-unting paghina ng tunog ng araw-araw—paroo't paritong harurot ng traysikel, nagdaraang pangungusap ng mga kapitbahay na galing sa trabaho, humahagok-hagok na usapan ng mga nag-iinuman sa sari-

sari nina Aling Barang, mahinang pag-ingit ng sahig sa ilalim ng mga talampakan ng kaniyang ina at ni Aling Susan—hanggang sa ang kalmadong paghuni ng bentilador na lang ang natira.

Madalas batiin ang buhok ni Gabriel ng ibang tao, lalo na nina Benjie at Rene, mga kasamahan niya sa Mamita's Magixalon. Itim na itim kasi ito, malambot ang tubo, maninipis ang hibla at palaging makintab. Hindi rin inugali ni Gabriel ang pagpapakulay o pagpapakulot, kaya hindi nagmumukhang inembalsamo ng kung anu-anong gamot ang kaniyang buhok. Madalas itong himas-himasin ng mga kasamahan habang humihiling na sana'y nabiyayaan rin sila ng buhok na kadalasang natatagpuang tumutubo sa anit ng magagandang dalaga.

Sa tuwing may nagtatanong kay Gabriel kung ano ang kaniyang sekreto sa pagkakaroon ng magandang buhok, puspusang pagsusuklay ang isinasagot niya.

Ang hindi niya maamin, nagsimula lang ito nang maghiwalay sila ni Jojo, dalawang taon na ang nakalilipas. Mula noon, naging bahagi na ng kaniyang ritwal sa umaga at gabi ang pagsusuklay. Mula rin noon, wala na siyang ibang itinangi at may kung anong nahungkag sa kaniyang dibdib. At ang hungkag na bahaging ito ay may kakayahang mag-alimpuyo, sukdulang hindi siya patulugin kapag naisipang sumumpong.

Hanggang sa nahilig nga siyang magsuklay. Sa kung anong dahilan, napapanatag ng paulit-ulit na pagsusuklay ang loob niya, para bang sa bawat hagod ng mga ngipin ng suklay, isa-isang nakakalag ang mga buhol sa kaniyang isip, nakakalimutan niya ang butas sa dibdib. At higit sa lahat, ipinapaalala sa kaniya ng pagsusuklay na ang buhok niya ang tanging bahagi ng katawan niya na parating hinahawakan ng huling kasintahan.

Alam naman ni Gabriel, hindi malambing si Jojo: katibayan ang mga pasang ibinibigay nito sa mga hita niya sa tuwing nagkakaroon sila ng pagtatalo. Pamana naman ng nagbabagang nguso ng sigarilyo ng lalaki ang koleksiyon ng peklat sa kaniyang mga braso. Inugali na nitong pasuin siya sa tuwing masumpungan. Walang kaabog-abog, humahalik ang nguso ng sigarilyo sa balat ni Gabriel, at wala siyang nagagawa kundi umungol.

Pero higit pa sa mga peklat, mas malalim ang pagtimo kay Gabriel ng pagkakataon na naramdaman niyang pinahahalagahan siya ni Jojo. Narinig niya ang kasintahan na ipinagmamalaki nang lihim sa mga kasamahang traysikel drayber ang buhok ng "bakla niya": "Malambot, pare. Saka laging mabango. Parang sa bebot."

Napadaan lang siya noon sa gilid ng barangay hall, katatapos lang magsara ng Mamita's, at hindi niya inaasahang nakapila pala doon ang ipinapasada nitong traysikel. Hindi na siya tumigil sa paglakad, kahit noong nakita siya ni Jojo at bigla siyang tinawag. Sobra kasing kinilig si Gabriel, baka mapatili siya sa harapan ng mga barkada ni Jojo. Tinawag siya nang paulit-ulit ng kasintahan, pero nagdere-deretso lang si Gabriel sa paglakad. Nang sunod silang magkita—araw ng suweldo, siyempre—inamoy ni Jojo ang buhok niya bago ginawang ashtray ang kaniyang kaliwang braso.

Hinihimas ng mga mata ni Gabriel ang ilan sa mga uka ng baga ng sigarilyo sa kaniyang kaliwang braso nang muling kilitiin ang mga tainga niya ng mga kaluskos. Itinigil niya ang pagsusuklay at iniumang ang kanang tainga patungo sa kisame.

Pagkatapos ng mga kaluskos, dumating ang mga yabag. Nagkamali siya ng tantiya sa mga yabag ng nakalipas na gabi: mas mabigat ang mga yabag na ito kaysa pusa. Hindi nagmamadali, hindi kinakabahan, tiyak na tiyak ang bawat hakbang. Tumatawid sa ibabaw ng kuwarto ni Gabriel, mukhang nanggaling sa bubong ng kapitbahay nila sa kaliwa (kila Aling Barang?) at papunta sa... papunta muli sa likod-bahay?

Dahan-dahan siyang pumunta sa bintana, dikit ang likod sa dingding, saka sumilip nang patagilid. Naglaho ang mga yabag, may nag-aparisyong anino sa tapat ng kaniyang bintana: parang pusang inihagis mula sa mataas na palapag, humagis ang katawan nito mula sa bubong, bago tahimik na bumagsak sa sementadong sahig ng likod-bahay, sa gitna ng mga bagong sinampay.

Wala iyon sa mga plano ni Gabriel, gusto lang naman niyang makita kung sino ang magnanakaw.

Pero siguro nga'y sumulak rin ang dugo sa kaniyang utak nang masilayan ang bumbunan sa dilim: kung umasta ito'y parang aninong nasa loob ng isang tindahan ng mga damit, lilinga-linga,

nag-iisip kung aling piraso ng damit ang unang dadamputin. Tuluyan na ring nalabusaw ang kaniyang isip ng iba't ibang posibilidad—pagtatarang ng kaniyang ina sa umaga, ang kaawa-awang hitsura ni Aling Susan, muling pagbili ng blusa sa halip na ilaan ang pera sa ibang bagay para sa bahay, gaya ng bagong takore halimbawa, lalo na at hindi na sumisipol ang ginagamit nila kaya kailangan pang abatan kung kumukulo na ang tubig, nakakabuwisit—kaya dumukwang siya sa bintana at buong lakas na ipinukol ang hawak na bagong biling suklay.

Sapol.

Bumulong sa hangin ng gabi ang pagsalubong ng plastik sa bungong nasasapnan ng buhok. Yumuko ang anino, hinanap ang sandata ng kalaban. Matapos damputin ang suklay, dumeretso ang katawan nito at tumingala patungo sa tanging bintanang maaaring pinanggalingan ng sandata, iyong tanging pinagmumulan ng liwanag, maliban pa sa buwan at sa kukundap-kundap na bombilya sa karatig na poste ng koryente.

Bitbit na ni Gabriel noon ang salamin, nasa ibabaw ng ulo niya, handang ipukol ulit sa anino. Pero nagmistula siyang estatwa nang hugasan ng liwanag ang dilim na nakakulapol sa mukha ng mandarambong.

Kilala niya ito.

Napansin ng magnanakaw ang paghuma ni Gabriel. Mabilis nitong hinablot ang pinakamalapit na damit, tinanggal ang hanger, at ipinukol ito paitaas—diretso sa mukha ni Gabriel.

Hindi nasaktan si Gabriel kaysa nagulat sa biglaang pagbati ng hanger sa mukha niya. Malakas man ang pagbato ng magnanakaw, nabawasan ang puwersa nito sa pataas na pagsagupa sa hangin. Gayunman, sumapat ang pagkagulat ni Gabriel mula sa pagkatigalgal para mabitiwan ang salamin. Bumagsak ito sa sarili niyang bumbunan bago lumagapak sa sahig. Tuluyan nang nahiwa ang tela ng katahimikan sa loob ng bahay nang magtalbugan sa kung saan-saang bahagi ng kuwarto ang mga bubog.

Parang de-susi, narinig niya ang nagmamadaling yabag ng kaniyang ina at ang boses nitong mala-sirenang bumalahaw sa buong bahay: "Anak! Anong nangyari?"

Bumukas ang pinto ng kuwarto ni Gabriel, iniluwa ang kaniyang inang nakadaster, halatang galing sa mababaw na tulog dahil pupungas-pungas ang bukas ng mukha pero handang makipagtuos. Napatingin ang kaniyang ina sa mga bubog sa sahig. Nagtatanong ang mukha nito nang lumapit kay Gabriel at nagsimulang himasin ang mga pisngi ng anak.

"Nagulat ako sa pusa, Ma. Sorry," sabi ni Gabriel. "Ako na ang magliligpit ng mga bubog."

Pasimple siyang tumingin sa bintana. Wala na ang magnanakaw. Wala na rin ang bagong bili niyang suklay na may malalaking ipin.

***

"Kabit lang kasi yan," sabi ng kaniyang ina.

"E akala ko ba arkitekto si Cristina?" tanong ni Aling Susan.

"Ano ngayon? Porke arkitekto hindi na puwedeng maging kabit?"

"Sabagay. Saka ang alam ko, may kayabangan talaga ang pamilya ng babaeng yan."

"Kaya inililihim! Kaya ikaw, Susan, pasalamat ka nang labandera ka. Hindi ka naman kabit."

"Ay, hindi talaga! Tingnan mong ganito lang ako, dinala naman ako ng asawa ko sa simbahan."

"Kaya hindi napipi ang mga anak mo."

Iyon ang unang pangyayaring nahalungkat ni Gabriel sa kaniyang isip: isang hapon ng tag-init, sa likod-bahay, isang taon pa lang ang nakalilipas mula nang mamatay ang kaniyang ama. Nakaupo sa bangkito at nakaharap sa banyerang nakasahod sa gripong sumusuka ng tubig, nagbabanlaw ng mga damit si Aling Susan. Nakatalungko sa tabi niya ang ina ni Gabriel, nakaipit ang laylayan ng daster sa mga binti, panay ang buga ng usok sa pagitan ng pagsasalita. Isang taon na ang nakalipas mula nang mag-umpisang manigarilyo ang kaniyang ina, himagsik nito sa inhustisya ng kalusugan—hindi nanigarilyo kailanman ang ama

ni Gabriel, pero namatay ito dahil sa kanser sa baga.

Pinupulutan ng dalawa si Aling Cristina: arkitektong walang lisensiya, mula sa pamilyang mayaman na naghirap, naanakan ng isang konsehal mula sa Ilocos, ina ng isang pipi, kasalukuyang nakatira sa garahe ng luma nilang mansiyon na naging boarding house para sa mga mag-aaral mula sa kung saan-saang probinsiya.

"Ano ba ang pangalan ng anak ni Aling Cristina?" tanong ni Gabriel. Katabi siya ni Aling Susan, nakaupo rin sa bangkito, pinalalangoy sa tubig sa batya ang kaniyang manyika.

"Victor," sagot ni Aling Susan.

Victor nga pala ang pangalan ng batang iyon, usal niya sa sarili. Mas kilala kasi niya ito sa bansag na Pipe. *Hoy, Pipe! Hinahanap ka na ng nanay mo!* Madalas niyang marinig na sabihin ng mga tambay sa tuwing nakikita nilang pakalat-kalat si Victor sa kalye Andal.

"Bakit siya napipi?"

"Huwag ka ngang sumabad sa usapan ng matatanda," sabad ng ina ni Gabriel. Nagsisindi ito ng bagong sigarilyo gamit ang isa pang sigarilyo.

Hindi na sumagot si Gabriel, pinanood na lang ang paggalaw ng buhok ng manyika sa tubig.

Sumagi ang lahat ng ito sa kaniyang isip nang makita niya si Victor sa tindahan nina Aling Barang, noong umaga matapos ang pagdalaw ng magnanakaw sa likod-bahay.

Nakaupo si Victor sa bangkong nakalaan para sa mga manginginom na parukyano ni Aling Barang, tumutungga ng isang lapad ng gin bulag. Nang makita si Gabriel, ngumiti ito nang pagkalaki-laki.

Naalala ni Gabriel ang mga imported na asong kasama ng mga guwardiya sa paglilibot sa mall. *Bakit ka nga ba napipi?* Naalala niya ang tanong, at sa isang iglap, natukso siyang ibato ito noon din kay Victor.

Pero si Gabriel ang nawalan ng kakayahang magsalita sa malapitang pagtingin sa mukha ng pipi. Nanigas din siya na parang estatwa nang walang anu-ano'y lumapit si Victor at hinimas ang

buhok niya. May gusto itong sabihin, nagmumuwestra pa na parang nagsusuklay, ngunit puro ungol ang namutawi sa bibig nito.

Ilang segundo ang lumipas bago gumapang ang kaba sa lalamunan ni Gabriel at tuluyang umalpas bilang napakatinis na tili.

"Hoy Pipe, tantanan mo nga si Gabriel! Lumayas ka nga diyan! Bastos ka!" bulyaw ni Aling Barang. Isinungaw pa nito ang kalahati ng katawan mula sa bintana ng tindahan, saka nagwasiwas sa hangin ng isang kadena ng sachet ng shampoo.

Mukhang nagulat rin si Victor sa ginawa. Agad nitong inalis ang kamay sa buhok ni Gabriel. Parang asong nabahag ang buntot, lumakad ito palayo sa tindahan, kipkip sa dibdib ang lapad ng gin bulag.

"Kundi lang makakasama sa nanay niyan, ipinahagad ko na yan sa mga tanod," bulong ni Aling Barang.

Tumangu-tango lang si Gabriel, kumakabog pa rin ang dibdib.

***

Katatapos lang niyang i-cellophane ang isang kostumer at inutusan siya ni Mamita na bilangin ang mga bote ng pangkulay. Tatlong beses na niyang binilang ang mga bote ng pangkulay sa buhok. Kulang talaga.

Hindi masiguro ni Gabriel kung nalilimang lamang siya o nagkamali siya ng dinig kay Mamita. Wala kasi siyang ibang maisip kundi si Victor. Si Victor ang magnanakaw. Bumbunan nito ang pinukol niya ng suklay.

"Ilan pa ang hindi nabubuksan?" tanong ni Mamita. Nakaupo ito sa likod ng counter, nagbibilang ng pera. Tadtad ng hair rollers ang ulo nito, senyales na mayroon itong lakad kinagabihan, at siyang muling nagpaalala kay Gabriel kung gaano nga katindi ang pagkakahawig ng amo sa mga babaeng kontrabida sa mga pelikulang napapanood niya tuwing hapon sa luma nilang telebisyon, iyong mga babaeng hindi nangingiming ingudngod

ang bida sa putikan o alipustahin nang walang patumangga ang sinumang hindi napupusuan. Mukha talagang babae si Mamita, kung hindi lamang sa perpetwal na presensiya ng papatubong bigote sa ibabaw ng nguso nito. Ilang beses na rin nilang napagbiruan nina Rene at Benjie ang buhok sa nguso ng amo na hindi talab-talaban ng kahit na anong uri ng pang-ahit; ilang oras lang pagkatapos mag-ahit, magsusungawan na agad ang mga maiitim at matitigas na ulo ng buhok.

Nagbilang muna siya ulit nang mabilis, bago sumagot, “Pito ang hindi pa nabubuksan, lima ang may bawas.”

“Punyeta. Sabi ko na nga ba, e.”

Napalingon sa may-ari ng salon ang babaeng nagpapa-pedicure. Namilog ang mga mata ng binatilyong nagpapagupit. Nagpatuloy lang sa pagtatrabaho ang manikuristang si Benjie at ang kapwa manggugupit na si Rene. Kinabahan si Gabriel. Bungangera si Mamita, pero bihira itong magmura kapag mayroong kostumer.

“Mamita, kinse pa ito nung huling kong bilang. Noong kamakalawa lang iyon.”

“Alam ko. Binilang ko rin yan kahapon. Ang hindi ko malaman, kung bakit nawawalan ako ngayon ng tatlong bote!” halos sumigaw na si Mamita.

“Papalitan ko na lang, Mamita. Ako naman talaga ang nakatoka sa inventory ngayong buwan,” sagot ni Gabriel. Nilingon niya ang mga kasamahan. Halos ingudngod ni Benjie ang pagmumukha sa paa ng kostumer, kesehodang masinghot ang sangsang ng ingrown na pilit tinatanggal. Buhus na buhos naman ang atensiyon ni Rene sa pag-aahit ng patilya ng binatilyo, parang eskultor na nasa kalagitnaan ng paglikha ng obra maestra.

Umingos lang si Mamita. Isinilid nito sa maliit na kaha de yero ang bungkos ng perang tapos nang bilangin. “Huwag ka nang magpakamartir. Iaawas ko ang presyo ng tatlong bote sa suweldo ninyong lahat. Ganyan ang gagawin ko sa tuwing may mawawala rito, hanggang sa magtanda kayo. Mga bakla na nga, magnanakaw pa! Diyos ko, ha!”

At gayon nga: kulang ang tinanggap na suweldo ni Gabriel. Bawas ng dalawang daan. Hindi na siya nagtangkang magtanong pa kung dalawang daan din ang iniawas nito sa suweldo nina Benjie at Rene; kapwa sambakol ang mukha ng dalawa nang tanggapin ang sobre ng suweldo mula kay Mamita. Bago lumabas ng salon, nagdabog pa nga si Rene. Padaskol nitong inilagay ang mga gunting sa plastik na tray. Bumagsak ang tray sa sahig, sumabog ang mga suklay at gunting, at tuluyang napunit ang tensiyonadong hangin na halos maghapong nakalatag, banat na banat, sa loob ng salon. Hinabol ni Mamita si Rene at binulyaw-bulyawan. Nang marinig ang pagsabog ng mga gamit at ang pagrepeke ng bibig ng amo, walang lingon-lingon, lumabas ng salon si Gabriel. Ayaw na niyang madamay pa.

***

Bago umuwi, dumaan si Gabriel sa mga tiyangge. Pagkatapos ng matinding pakikipagtawaran sa tindera na sumabay ang pag-askad ng mukha sa pagtawad ni Gabriel sa presyo, dalawang blusa ang nabili niya: isang kulay rosas na may manggas at isang puti na walang manggas. Nang bunutin ang pitaka para

magbayad, kinurot si Gabriel ng panghihinayang sa dalawang daang nawala. Napaisip siya kung sino kina Benjie at Rene ang nagnakaw ng tatlong bote ng pangkulay sa buhok. Pagkuwa'y naalala niya ulit si Victor. Isa pang magnanakaw. Mga salot, usal ni Gabriel sa sarili.

***

Madilim ang bahay nang datnan ni Gabriel. Kinapa niya ang pindutan ng ilaw sa gilid ng pintuan, saka inilapag ang plastik na naglalaman ng mga bagong blusa para sa kaniyang ina sa lamesita sa sala.

"Ma?"

Walang sagot. Kadalasan, kapag umuuwi siya nang ganitong oras, naririnig niya ang kinulob na hiyaw ng telebisyon

mula sa kuwarto ng kaniyang ina sa itaas. Laging mataas ang bolyum ng telebisyon sa tuwing nanonood ang kaniyang ina, kaya siguro nasanay na rin itong magsalita nang malakas sa lahat ng okasyon, laging nakikipagpaligsahan para mangibabaw ang boses sa ingay na siya rin naman ang may gawa, kung tutuusin.

Pumunta siya sa kusina. Gaya ng inaasahan, nakita niya sa gilid ng rice cooker ang tasa na may pinggan sa ibabaw. Ipinagtabi pa rin naman siya ng kaniyang ina ng pagkain. Inangat niya ang pinggan: paksiw na bangus. Kumuha siya ng isa pang pinggan at kutsaron, saka sumandok ng mainit-init pang kanin sa rice cooker.

Nakakailang sandok pa lang ng kanin si Gabriel nang muling kutingtingin ng mga kaluskos ang kaniyang mga tainga. Galing ang mga kaluskos sa likod-bahay, katunog ng mga kalmot ng kalaykay sa semento na naririnig lamang niya tuwing tag-init at isinasagawa ang taon-taong paglilinis ng mga kanal sa kanilang barangay.

Dahan-dahan, inilapag ni Gabriel ang pinggan. Tinantiya muna niya kung natunugan na rin siya ng kumakaluskos. Nang masigurong patuloy ang tunog, humangos si Gabriel patungo sa likod-bahay.

Nasa isang sulok ang magnanakaw, nakatalikod kay Gabriel. Sa dilim, parang lumiit ang kaha nito. Iyon pala ang pinagmumulan ng tunog na nagpaalala sa kaniya ng mga nililinis na kanal: aluminyong kumakaskas sa semento. Hinihila kasi ng magnanakaw ang mga batya, parang may hinahanap.

Kamaong kumuyom ang galit sa dibdib ni Gabriel at umigkas mula sa kaniyang lalamunan bilang sigaw: “Hayop kang Pipe ka! Magnanakaw!”

Saka lamang niya naisip maghagilap ng maipupukol. Nakita niya ang dustpan na nakasandal sa pader. Dinampot niya ito, iniangat na parang palakol at saka sumugod na parang mandirigmang inilalagay sa pinakaharap na hanay ng kaniyang batalyon.

Biglang humarap ang nagulat na magnanakaw. “Gabriel! Huwag!”

Dahil nasa kalagitnaan ng pagsugod, hindi na napigil ni Gabriel ang puwersa ng paghataw; nagawa na lamang niya itong iliko. Sumalipadpad ang dustpan pakaliwa, sabay pataksil namang tumakas ang lakas mula sa kaniyang mga tuhod, kaya walang kaginsa-ginsang napaluhod si Gabriel sa semento. Mabuti na lang at naitukod niya ang mga kamay, kundi'y sumadsad rin ang kaniyang mukha sa semento.

"Sori po, sori po, sori po!"

Nang iangat ni Gabriel ang tingin, nakita niya ang matandang labandera sa tabi ng mga batya, nakataas ang dalawang yayat na braso, tila may sinasalag pa rin sa hangin. Nanginginig ang mga braso ng matanda, gayundin ang boses nito na walang tigil sa paghingi ng patawad.

Nadurog ang puso ni Gabriel. Kahit nanghihina pa rin, tumayo siya at niyakap si Aling Susan. "Ano ho ba naman kasi ang ginagawa ninyo rito nang ganitong oras? Akala ko ho, magnanakaw kayo."

Sumubsob sa balikat ni Gabriel si Aling Susan. Naramdaman niya ang pagkabasa ng balikat ng suot niyang kamiseta. Hindi na niya malaman kung sa luha o laway ng matanda, dahil nagsalita ito habang nakasubsob: "Hindi ko naman sinasadya, Gabriel. Hindi ko sinasadya. Nangangailangan lang ako talaga, nalaglagan ang anak ko. Hindi ko alam kung paano siyang ilalabas sa ospital. Kahit ano, pinapatos ko na. Patawarin mo ako."

At nakita nga niya ang bungkos ng mga damit sa tabi ng mga batya. Hindi niya masiguro kung ano-anong piraso ng mga damit nilang mag-ina ang nandoon, pero nasisiguro ni Gabriel na ang paborito niyang cardigan na kulay puti ang ginamit na pantali ni Aling Susan. Kumikinang ang kaputian ng cardigan sa liwanag ng buwan.

Bumitaw sa pagkakayakap si Gabriel. Dinampot niya ang bungkos ng damit at iniabot sa matandang labandera. "Umuwi na ho kayo."

Nakayuko, tinanggap ni Aling Susan ang bungkos ng damit.

Wala na sa paningin niya ang labandera nang maalala ni Gabriel ang kaniyang ina. Hinabol niya at inabutan si Aling Susan na isinasara ang pinto sa sala. "Aling Susan! Alam nyo ho ba kung saan nagpunta ang Mama ko?"

Mukhang nahihiya pa rin ang matanda nang lumingon. "Hindi mo pa ba alam? Inatake sa puso si Cristina. Nasa burol niya ang Mama mo."

***

Natagpuan niya ang ina sa umpukan na nakatayo sa tabi ng mesa inihahanda pa lang para sa pagsisimula ng sakla. Sinagilahan ng lihim na hiya si Gabriel nang lumapit sa kaniyang ina na noon ay nasa kainitan ng pakikipaghuntahan sa mga kapwa naglalamay: buhay na buhay ang dugo nito, panay ang muwestra ng mga braso't kamay, papalit-palit ang ekspresyon ng mukha, umaalagwa sa hangin ang tindi ng interes sa sinasabi ng mga kausap. Sumalaksak kasi sa isip niya ang pakikipag-usap nito noon kay Aling Susan, noong isang hapon ng tag-init na pinagtsitsismisan ng dalawa ang buhay ni Aling Cristina. Noong hapon na hindi pa nalalaglagan ang anak ni Aling Susan—ni hindi pa nga siguro ito nireregla, dahil sa pagkakatanda ni Gabriel, kaedad lamang niya ito, patunay ang paulit-ulit na kunwaring hinaing ng labandera na kung bakit kasi hindi ipinanganak na babae si Gabriel at nang sa gayon ay mapamanahan ang anak niyang babae ng mga pinaglumaang damit. Na noong simula e nginingitian lang ni Gabriel, pero nang maglaon ay sinasagot na niya ng "Babae rin naman ako, hindi lang talaga kakasya sa anak ninyo ang mga damit ko." Na ikinabubunghalit lang ng tawa ni Aling Susan at maging ng kaniyang ina.

Patuloy lang sa pagkukuwento ang kaniyang ina: "Ang sabi ko nga sa sarili ko, seryoso ba ito? Kasi hindi ko talaga maubos-maisip—"

"Ma."

"—parang noong isang araw lang, nagkita pa kami! Halos kaedad ko lang yan—"

"Ma, nakita mo ba si—"

Sumabad ang isang lalaki sa umpukan. "Uy, nandito ang anak mo."

Noon lang natauhan ang kaniyang ina. "O, Gabriel! Anong ginagawa mo rito? Nakita mo ba yung ulam?"

Tumango na lang si Gabriel, binawi na ang tanong.

Nakaramdam siya ng inis sa dami ng tao sa burol ni Aling Cristina. Hanggang ngayon, hindi niya malaman kung bakit parating mukhang pista ang mga lamay ng patay sa lugar nila. Wala pa siyang natatandaang namatay na taga-kalye Andal na ibinurol nang tahimik, kahit pa ang mga hindi popular, gaya ni Mang Amor na kilala naman sa buong barangay na nagtutulak ng bato o gaya ni Aling Cristina na pihadong hindi lang sa likod-bahay nila napagtsismisan kundi sa likod-bahay rin ng iba pang mga taga-kalye Andal dahil sa pagkakaroon ng bawal na relasyon sa isang konsehal mula sa Ilocos.

Lagi at lagi talaga, namumutiktik sa katawan ang bahay ng namatayan: mga naglisaw na kapitbahay na walang puknat ang paghuhuntahan, para bang hindi rin naman sila-sila ang nagkikita sa araw-araw; mga miron na walang ibang layon kundi makalibre ng kape at biskuwit, at kung huling gabi ng lamay at sinuwerte dahil may kaya ang pamilya ng namatayan, manginain sa libreng pancit Malabon; mga sugarol na dumadayo pa mula sa kabilang bayan, masubukan lang kung nagbabago nga ang suwerte sa baraha kapag pumusta sa bagong lugar.

"Ano? Halika na?" tanong ng ina ni Gabriel.

"Hindi, Ma. Sige, makipagkuwentuhan ka lang diyan," sagot niya. "Babati lang ako sa mga namatayan."

Dumeretso siya sa loob ng bahay nina Aling Cristina. Iyon ang unang pagkakataon na nakapasok siya sa loob ng bahay na iyon, na dating mansiyon na naging boarding house, pero hindi naman maaaring maligaw sa burol ang sinumang dadalaw. Nasa pinakamaliwanag na sulok ng bahay ang kabaong, napaliligiran ng mga bulaklak na tinaguriang para sa patay pero tanging mga buhay lang naman ang nakakaamoy.

Doon niya natagpuan si Victor, nakatayo sa tapat ng kabaong. May katabi si Victor na isang matandang lalaki, hinihimas-himas ang likod ng pipi. Inapuhap ni Gabriel ang sariling dibdib: naglaho na ang takot niya sa pipi. Wala rin siyang makapang galit. Sa halip, nagbalik ang matinding kahungkagan sa loob niya, nag-umpisa na namang mag-alimpuyo.

Lumapit siya sa kabaong, tumayo sa gilid ni Victor.

Tiningnan niya nang maigi ang mukha ni Aling Cristina. Hinanap niya sa mukha nito ang kasabihang makailang beses ding narinig sa mga burol na pinuntahan: mukhang natutulog lang. Napapaismid lang si Gabriel sa tuwing naririnig iyon, sa totoo lang. Hindi siya naniniwala sa mga taong nagsasabi na mukhang natutulog lang ang bangkay dahil ang pakiramdam niya, sinasabi lang nila ito para sila ang makatulog nang mahimbing.

Pero napatotohanan niya ang kasabihan noong gabing iyon. Dahil oo nga, mukhang natutulog lang si Aling Cristina, bahagya nga lang itong nakangiwi—hindi lubos na nagtagumpay ang embalsamador sa pagtuwid sa labi—at ang make-up ng bangkay: ayaw na lang pansinin pa ni Gabriel. Mabuti na lang at may taglay talagang ganda ang ina ni Victor, usal niya sa sarili. Pero ang suot nitong blusa, hindi yata't nakita na niya dati pa?

Nakilala ni Gabriel ang nawawalang blusa ng kaniyang ina.

Noon lang naramdaman ni Gabriel ang patagilid na pagtingin sa kaniya ni Victor. Para itong batang nahihiya, tumitingin nang matagal, biglang babawiin, saka titingin ulit.

Gusto sana niyang sabihin kay Victor na hindi na siya galit, na naibili naman niya ng kapalit na blusa ang kaniyang ina, at pasensiya na rin sa pamumukol niya ng suklay, pero nagkabikig na siya sa lalamunan, kaya ginaya na lamang ang ginagawa ng matandang lalaki sa kabilang gilid ni Victor: hinimas-himas rin niya ang likod ng pipi.

At unti-unti, nadama ni Gabriel ang masuyong pagkakalag ng mga buhol sa kaniyang isip, ang pagpayapa ng kahungkagan sa dibdib, parang nagsusuklay lang siya.